



Ang unang katangian ay mayroon itong makatotohanang pananaw. Tinitingnan nito ang bagay sa pagiging totoo nito, sa mga limitasyon nito, at sa anyo nito. At hindi sa pantasya, At tinitingnan ito sa realidad. Sa harap ng tao, ito ay malinaw at walang ibang kahulugan

Ang isa pang katangian ng positibong pananaw sa buhay ay ang pagkakaroon ng mahabagin na pananaw. Nangangahulugan ito na ang pananaw ng tao sa mga bagay ay dapat samahan ng isang gawa ng awa. Dahil ang kabaligtaran ng awa ay kalupitan. Pinuno ng kalupitan ang maraming puso sa mundo. Kaya, ang pananaw na iyon ay hindi pangitain ng tao.

Ang isa pang aspeto ng pangitain, ito ay dapat na isang inklusibo. At hindi isang hindi kumpletong pangitain. Tulad ng lahat ng alam niyo, kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa tasa na may lamang tubig. Ang tasa na ito ba ay malapit ng mapuno o malapit ng maubos? Nakikita ito ng ilan bilang isang baso na may laman na kalahating tubig. Ito ay isang positibo at isang kabilang na pananaw. Nakikita ng ilan na ang baso ay walang laman. Kaya, ito ay isang negatibong pananaw.

Ang mga katangian na ito: ang makatotohanan, mahabagin, at kabilang na pananaw. Lahat sila ay bumubuo ng positibong pananaw sa buhay. Bibigyan kita ng ilang halimbawa mula sa mga pangyayari sa Pagpapako sa Krus at Muling Pagkabuhay.

Nakita nila ang mga turo at himala ni Kristo, at kasama niya sila. Tiyak, may mga pag-uusap na naganap sa pagitan nila at ni Jesus. Si Juan ang Minamahal ay may positibong pananaw at pananaw sa buhay, Nakikita natin siya na naging malapit kay Kristo na ating Guro, Sinundan niya Siya (Hesus) hanggang sa Krus at sa mga paglilitis, Nakikita natin siya na may malaking kasiyahan, Sa paglalagay ng kanyang ulo sa dibdib ni Kristo na ating Panginoon. Tinawag niya ang kanyang sarili na “ang alagad na inibig ni Kristo” (Juan 19:26). Sa kaibahan, si Hudan Iscariote na may materyalistiko na pananaw, Siya ay may negatibong pananaw. Hindi niya nakikita si Kristo bilang Tagapagligtas at Manunubos. Na dumating para sa kaligtasan ng mundo. At dahil hindi niya natagpuan ang katuparan ng kanyang materyalistiko o maka-lupang mga ambisyon sa Kanya, Ipinagbili niya ang kanyang Guro sa halagang tatlumpung pirasong pilak. Sa huli, pumunta siya at nagbigti, namatay, at nawala ang kanyang walang hanggang pamana. Nasa parehong posisyon ang dalawa. Ang isa ay may positibong pangitain at ang isa naman ay negatibo.

Isa pang halimbawa na makikita natin sa mga pangyayari sa Pagpapako sa Krus ay ang dalawang magnanakaw. Sila ang magnanakaw na ang isa ay nasa kaliwa ni Kristo, at ang isa ay nasa kanan ni Kristo Ipinako nila sa krus ang dalawang magnanakaw kasama ni Kristo na ating Panginoon, sa paniniwalang Siya ay isang kriminal Ang magnanakaw na nasa kaliwa ay may mahabang sinabi na, “Kung ikaw ang Kristo, iligtas

mo ang iyong sarili at kami..." (Lucas 23:39) "Alisin mo sa amin ang sakit na aming dinaranas, ang sakit ng Krus..." Ang magnanakaw na nasa kanan ay mayroong pananaw, Sa parehong sitwasyon, sa parehong oras, at may parehong mga obserbasyon Ang magnanakaw na nasa kanan ay may positibong pangitain Sinabi niya, "tama lang na tayo'y parusahan ng ganito dahil sa ating mga ginaw; ngunit ang taong ito ay walang ginawang masama.(Lucas 23:41). Tumingin siya kay Kristo at sinabi: "Panginoon, alalahanin mo ako pagdating mo sa iyong kaharian" (Lucas 23:42) Ang pariralang ito ay isang pagpapahayag ng panalangin, isang pagpapahayag ng pagsisisi, Isang pagpapahayag ng isang pagsusumamo, isang pagpapahayag ng pag-asa At tinanggap ito ni Kristo na ating Panginoon sa mga huling oras ng buhay ng magnanakaw na nasa kanan. At sinabi Niya sa kanya, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ay makakasama kita sa Paraiso" (Lucas 23:43). Nalalapat ang larawang ito sa napakaraming halimbawa ng positibong pananaw sa buhay

Kaya naman, mga minamahal, manatili sa pagkakaroon ng positibong pananaw. Ang isang positibong mata ay tumitingin sa mga bagay ng positibo. Para sa lahat ng kaganapan sa iyong pang-araw-araw na buhay, trabaho, serbisyo, at pamilya. Dapat kang magkaroon ng positibong pananaw sa lahat ng mga kaganapang ito. Ito ang epekto ng maluwalhating Muling Pagkabuhay sa buhay ng tao. Panatilihing nakataas ang iyong puso palagi. Sabihin, "Bigyan mo ako O Panginoon ng positibong mga mata "Na nakikita ang katotohanan, ang kagandahan, at ang positibo sa mga bagay" "Ilayo mo ako sa negatibo o makitid na pananaw" Iyan ay ang mata na nakikita lamang ay ang masama, Ang buhay ay may pinalawig na kagandahan sa bawat mabuting gawa.

Ikinagagalak kong ipadala sa inyo ang mensaheng ito. Ipinaaabot ko ang aking mga taos-pusong pagbati sa ngalan ng Simbahang Coptic at sa ngalan ng Banal na Synod. Inaalay ko ito mula rito, sa Ehipto, sa lahat ng diyosesis (distrito ng Kristiyanong Simbahan). At sa lahat ng simbahan at monasteryo sa buong mundo. Binabati ko ang aking minamahal na mga kapatid, ang mga amang metropolitan, at mga obispo. Ang mga ama ang mga pari, ang mga ama ang mga monghe, at ang mga ina ang mga madre. At mga lupon ng simbahan, lahat ng kabataan, lahat ng tagapaglingkod, lahat ng diakono. At lahat ng mga tao at lahat ng mga bata. Binabati ko kayong lahat, nasaan ka man: Sa Europa, Africa, Asya, Hilagang America, Timog America, o Australia. Binabati ko ang lahat.. At ang pakiramdam na ito ay inialay ko sa inyo, sa lahat. Humihiling sa ating Panginoong Hesukristo na nabuhay mula sa mga patay. Na gawin kayong palaging masaya at bigyan kayo ng positibong mata. Para sa bawat gawa at bawat pangyayari sa buhay ng isang tao. Sa ating Diyos nawa ang lahat ng kapurihan at karangalan, mula ngayon at magpakailanman. Amen. Si Kristo ay nabuhay, tunay Siya ay muling nabuhay..

*Panadras II*